TAIZÉ

Liham 2025

# *Pag-asang higit pa sa lahat ng pag-asa*

Nakapakinig ako sa mga kabataan sa Taize at sa iba pang lugar[1]. Marami sa kanila ay humaharap sa mga malulupit na realidad sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Tinatanong ko ang aking sarili, paano sila nakahahanap ng lakas upang magpatuloy. Ang tanong na ito ay lalong nagiging mariin kapag sila ay namumuhay sa mga lugar ng digmaan.

Sa mga tila ba imposibleng kalagayan, saan nagmumula ang kanilang katatagan at pagtitiyaga? Naging malinaw sa akin, habang nakinig ako, na ang pagtitiwala sa Diyos ay nagbibigay kakayahan sa mga tao ng pananampalataya na alagaan ang pag-asa. At sa pamamagitan ng Muling Pagkabuhay ni Jesus, umuusbong ang katiyakan na hindi mapapasa-kamatayan ang huling salita.

Ang pagtitiwala sa Muling Pagkabuhay ay nagbibigay pag-asa na hindi ang kapaguran ng buhay ang huling punto. Tinatawag tayo sa mas higit pa. Ito ang pag-asang nais ibahagi ng mga kabataan sa akin, isang pag-asang lampas pa sa lahat ng pag-asa sapagkat umaasa itong lilitaw ang bagong buhay kung kailan tila ba ang lahat ay nalipol na[2].

Inawit ni Maria sa kanyang sigaw ng papuri at pag-asa: “Ipinakita Niya ang lakas ng Kanyang mga bisig, nilito Niya ang mga may palalong isip. Tinanggal sa kanilang luklukan ang mga may kapangyarihan, at itinaas ang mga nasa abang kalagayan. Pinasagana Niya sa mabubuting bagay ang mga kapus-palad, at pinaalis nang walang dalang anuman ang mga mayayaman.” [Lc 1:51-53] Oo, mangahas tayong umawit kasama siya at manalangin para magbago ang mga kalagayan. Kahit tila ba tahimik ang Diyos, maaaring biglang magbukas ang isang daanan[3].

---

[1] Noong Mayo 2024, kasama ang dalawa sa aking mga brothers, naglakbay kami bilang mga peregrino sa Ukraine na nakakaranas ng digmaan. Noong tag-init, tumanggap kami sa Taize ng mga kabataan mula sa Myanmar, Nicaragua at Ukraine. Sa panahon naman ng taglagas, nagkaroon ako ng pakikipag-usap online sa mga kabataan mula sa mga bansang ito, gayundin mula sa Bethlehem at Lebanon, habang apat sa aking mga brothers ay bumalik sa Ukraine. Dinalaw nila ang bansang ito mula silangan hanggang kanluran.

[2] “Hindi maaaring magkaroon ng pag-asa nang walang naunang karanasan ng ganap na kawalan ng hinaharap, na tulad ng isang gabi sa katirikan ng araw at pumepwersa sa mga indibidwal at sa mga bayan na ibaba ang kanilang mga ilusyon.” Corine Pelluchon sa L'espérance, ou la traversée de l'impossible (Éditions Payot & Rivages, Paris, 2023) p. 8.

[3] “Ang pag-asa ay ang pagtugon ng tao sa katahimikan ng Diyos.” Jacques Ellul, sinipi ni Anne Lécu www.revue-etudes.com/article/esperer/24779

Kasabay nito, gawin natin ang kaya natin, kahit na tila ito'y hindi malaki, na magpahiwatig ng mga tanda ng pakikiisa sa mga taong nababalisa sa paligid natin, o kaya ay nasa gitna ng digmaan o pwersadong lumisan ng kanilang bansa. Hindi kaya ito ang magbibigay kakayahan sa atin na umasa nang higit pa sa lahat ng pag-asa?

Malaking bahagi ng mga susunod na pagninilay ay mula sa mga pagkikita at pakikipag-usap sa mga kabataang namumuhay sa mga bansang may digmaan o mga lugar ng tunggalian nitong nagdaang taon. Ako ay puno ng pasasalamat para sa mga nagbahagi ng kanilang karanasan at naiisip at pati na rin sa mga pinakabatang Brothers na ang maingat nilang payo ang nagsaayos ng lahat.

*brother Matthew*

---

## Ang tapang upang umasa

Kapag inaasam nating magtiwala sa pag-ibig ng Diyos, ang nakikita at nadarama natin sa paligid ay madalas na parang sumasalungat sa pag-ibig na iyon. Tayo ay naiipit sa pagitan ng ano ang mayroon na at ng ano ang parating pa. Ang pagitang ito ay hindi laging komportable. Subalit kung bumubukas ito tungo sa isang pag-asa ng katuparan[4], mayroong napalalaya sa loob natin.

Ang pag-asa ay nangangailangan ng tiyaga. "Umaasa tayo sa hindi natin nakikita" [Rom 8:25], sabi ni Apostol San Pablo. Nakatuon patungo sa kung ano ang darating sa kaganapan ng panahon ng Diyos, subalit nababagabag din sa "panunuligsa mula sa mga di-kaanib sa iglesya at takot naman na nasa aming puso" [2 Cor 7:5], mangangahas ba tayong manatili sa gayong lugar imbes na takasan ito?

---

[4] Sa isang komentaryo sa Deuteronomio 4:31, sinulat ni Gustavo Gutierrez: "Hindi malilimutan ng Diyos ang tipanan; ang katapatan ay pag-aalaala, una at higit sa lahat. Ang maging tapat ay ang makaalala, ang hindi paglimot sa ating mga ipinangako, at ang pagkakaroon ng diwa ng kinaugalian. Ipinagpapalagay ng katapatan sa tipanan ang pag-alaala sa mga pinagmulan ng tipanan at ng mga kinakailangan nito (...) Subalit mas higit pa roon ang ipinapakahulugan ng tunay na katapatan; hinihingi rin nito, at ito ay hindi ganoon kalinaw sa unang tingin, ang pagtingin sa hinaharap. Ang pagkakaroon ng alaala ay hindi ang pananatiling nakapirmi sa nakaraan. Mahalaga ang pag-alala sa kahapon, ngunit mahalaga ito dahil tinutulungan tayo nitong tumaya sa kinabukasan (...) Hindi nakasalalay ang katapatan sa pagsunod sa mga nakasanayan ng daan nang walang pagkukusa, kundi bagkus sa palagiang pagpapanibago ng mga ito; inaakay tayo nito — dapat tayong akayin nito — na gumawa ng bago, na magbago, na magdisenyo ng mga bagong proyekto" (Gustavo Gutiérrez, El Dios de la vida, Ediciones Sígueme, Salamanca, 1992, pp. 82-83).

“Kahit wala nang pag-asang magkaanak, nanalig pa rin si Abraham” [Rom 4:18]. Si Abraham, ang ninuno ng maraming mananampalataya, ay kumapit sa pangako ng Diyos nang lampas pa sa anumang makatwirang pag-asa. Siya at ang asawa niyang si Sarah ay tumanggap ng tila ba ay imposible para sa kanila.

Sa panahon kung kailan ang kanyang bansa ay winawasak ng digmaan at ang mga naninirahan ay pinagbantaan ng pagpapatapon, at bagamat siya mismo ay nasa kulungan, si Propeta Jeremias ay gumawa ng isang pamumuhunan sa hinaharap: bumili siya ng isang bukirin. Ganoon siya kasigurado na hindi pababayaan ng Diyos ang Kanyang bayan [Jer 32:6-15].

Ang gayong nakamamanghang pagkilos ng pag-asa ay ginagawang mas lalong tunay ang pananampalataya. Ito ay isang matibay na pagtitiwala sa kung anong di pa nakikita at maging di tiyak. Makakaya ba nating kumapit sa pag-asang ganoon? Sa kahuli-hulihan ay binubuksan nitong muli ang bukal ng kaligayahan[5]. Maging sa mga pinakakumplikadong sitwasyon ng tao, kung ano ang hindi natin pinangahasang asahan ay maaaring maging realidad.

Ngayon, bumubukal ang mga kamangha-manghang inisiyatibo ng pag-asa[6] sa maraming mga bansa kung saan nagdadala ng pagwasak ang digmaan.

## Ang pakikinig sa mga tao ng pag-asa

Upang matulungan tayong maunawaan nang mas mabuti kung ano ang kahulugan ng pag-asa, kailangan nating makinig sa mga taong naninirahan sa gitna ng kabalisaan at karahasan. Hindi kaya na sa pamamagitan ng kanilang mga tinig ay aakayin tayo ng Diyos?

Sa pagdalaw ko sa Ukraine kasama ang dalawa sa aking mga Brothers, isang pinuno ng simbahan ang nagsabi sa amin: “Nagbubukas ang pagdarasal ng isang puwang na nagpapahintulot sa paghilom”. Sobra akong tinamaan sa sinabi niya. Patuloy niyang hinaharap ang kirot ng kanyang bayan, at nakikita niyang doon sa buhay panloob

---

[5] Sa aking mga pakikipag-usap sa mga kabataang nabubuhay sa mga sitwasyon ng digmaan, marami sa kanila ang nagsalita tungkol sa kahalagahan ng pag-awit bilang pinagmumulan ng tuwa at lakas. Ang Liham na ito ay ilalathala sa 2024-2025 European meeting sa Tallinn. Huwag nating kalimutan ang “Singing Revolution” na may malaking ambag sa pagtamasang muli ng kasarinlan sa Estonia noong 1991 sa mapayapang paraan. Nagtungo sa mga lansangan ang mga tao nang nag-aawitan upang tapatan ang bantang nakaharap sa kanila.

[6] Isang tao na nakatagpo ng isa sa aming mga Brothers ang nagsabi sa kanya: “Isang malikhaing galit ang naninirahan sa akin.” Ang pwersang iyon ang nagpapatakbo sa kanya upang naising gawin kahit isang maliit na bagay upang baguhin ang kasalukuyang kalagayan.

maaaring manatiling bukas ang mga mananampalataya upang tanggapin kung ano ang bago.

Ito ay isang proseso na hindi kinakailangang magbunga ng agarang mga resulta, subalit, at marahil ay kasabay ng iba pang paraan, ay nagbubukas ng isang pinto tungo sa pagtatagumpay sa mga sâkit at hapis, at gumigising sa pag-asa ng isang naghilom na sangkatauhan. Nagbibigay lakas ang panalangin upang tumindig sa harap ng mga masalimuot na kalagayan[7]. Hinahati nito ang mga alon ng kahinaang-loob kapag tila ba nilalamon ng kadiliman ang lahat.

Isang Palestinang babae na naninirahan sa Pransiya, ngunit ang pamilya ay nasa Gaza, ang sumulat sa amin: “Ang pag-ibig na nagdadala sa mga sugatan, sa mga mahina, ay nagbibigay ng bagong lakas. Naaalala ko rito ang lalaking paralisado[8] sa Ebanghelyo, na dinala ng kanyang mga kaibigan at ng kanilang pananalig. Isa ring paraan ng paglaban ang panalangin, at iyan ay mahalaga sa akin. Subalit tao ako: pagkatapos kong mabalitaan ang pagkamatay ng dalawang miyembro ng aking pamilya, nilamon ako ng galit, sumigaw ako, umiyak ako… Nang ako ay mahimasmasan, nabatid kong naroon ang Diyos sa pagdurusa at kawalan ng pag-asa, at karga-karga Niya tayo.

Nitong tag-init, habang dumadalaw sa Taizé, sinabi niya: “Kada umaga, nagdarasal ako upang makahanap ng lakas para magmahal imbes na mamuhi.” Ang mga salita niya ay parang isang tanglaw sa daraanan.

Isang kabataang babae mula sa isang bansa sa Asya na winawasak ng digmaan ang nagsabi sa akin: “Nalulula ang aking bayan subalit nakahahanap ng kaaliwan sa Mabuting Balita. Gaano kadalas noon na ang Bayan ng Diyos ay takbo ng takbo? Gayunpaman, isang sambayanan ang nalikha gaano man kahirap ang kalagayan. Mayroon mang mas malaking plano ang Diyos para sa amin, ngunit kailangan naming harapin ang bawat araw nang paisa-isa. Isang regalo ang kakayahang mabuhay sa kasalukuyang araw, at ito rin ay isang tanda na ang buhay ay nariyan upang isabuhay nang ganap. Sa panalangin, mayroong isang bukal ng kapayapaan na nagbibigay sa atin ng kakayahang palakasin ang bawat isa, makatagpo ng kabuluhan sa

---

[7] “Mula sa mga starets [Siluan], siya [Sophrony Sakharov] ay maraming natutunan, at ang natutunan niya ay magiging saligan sa kanyang buhay-espiritwal. Dalawang bagay ang kapansin-pansin: paano harapin ang pakiramdam ng napabayaan kung kailan imbes na Diyos ay mapanglaw na kawalan ang nararanasan sa pananalangin, at paano kayanin ang pagdadalamhati na kasabay ng matinding pagdarasal para sa nagdurusang mundo. Ang una ay binigyang kahulugan ng konsepto ng pang-iiwan ng Diyos na kalauna’y binuong mas ganap ni Sakharov, ang ikalawa ay sa pamamagitan ng utos na ipinahayag sa pagdarasal sa mga starets at ipinahayag niya sa kanyang tagasunod: “Iwan mo ang isip mo sa impiyerno at huwag kang mawalan ng pag-asa!” Norman Russell, Theosis and Religion (Cambridge University Press 2024), p. 169.

[8] Tingnan ang Mk 2:1-12. Pansinin ang lakas ng pag-asa sa mga kaibigan ng lalaki na siyang dumaig sa mga sagabal, binakbak ang bubong ng bahay upang sikaping matulungan siya at madala siya kay Jesus.

pagbabahaginan at pakikiisa.

Mula sa Lebanon, narinig ko ang mga salitang ito: “Ang aking ina ay isang patotoo sa pag-asa. Sa kabila ng lahat, nanatili siyang palaging nakatindig. Dahil sa kanya kaya ako ganito ngayon. Tinuruan niya kami kung paano magkaroon ng pananalig sa Diyos at manalangin. Ang bawat taong namumuhay sa pagtitiwala ay nagsasalamin sa pagtitiwala sapagkat umiinom sila mula sa pinagmumulan at maaaring maging mga saksi.”

Sino-sino ang mga saksi ng pag-asa na maaaring makilala ng bawat isa at mapakinggan sa kanya-kanya nating mga sitwasyon? Buksan natin ang ating mga pandinig sa kung ano ang masasabi nila.

## Ang pagsisikap para sa pag-asa

Paano tayo tumutugon kapag ang ating mga plano ay nabigo at ang ating mga inaasahan ay bumagsak? May ibinibigay na susi si Jesus kung paano tayo makapananatiling mga tao ng pag-asa.

Naharap sa isang malaking tipunan ng mga taong nagugutom, nagkaroon siya ng malasakit sa kanila, literal na “lumabas ang puso Niya”[9] sa kanila. At nakatagpo Siya ng paraan upang punan ang kanilang mga pangangailangan.

Yaong pagtangging bitawan ang sarili sa mga sitwasyon ng pagkabalisa ay nagtutulot upang mabigyang hugis sa loob natin ang pag-asa. Ito ang kabaligtaran ng paghihintay nang walang kibo, may kaakibat itong pakikibaka[10], walang ibang paraan. Maging ang ating pag-aasam para sa pag-asa ay makapagdadala sa atin patawid ng pinto sa pagitan ng kung ano ang posible sa tao tungo sa kung ano ang posible para sa Diyos.

Ang pag-asang bigay kasama si Kristo ay nagdudulot sa atin ng patikim ng kung ano

---

[9] Ang Griyegong salitang pandiwa σπλαγχνίζομαι (splanchnizomai) ay napakalakas sa emosyonal na paraan. Nagpapahiwatig ito ng isang mainit, mapagmalasakit na pagtugon sa pangangailangan. Mahirap itong isalin: malasakit, awa, simpatya, lahat ito ay nagpapahayag ng bahagi nito. Subalit “lumabas ang puso Niya sa kanila” marahil ang nagpapahayag nang mas ganap sa reaksyon mula sa kaibuturan na siyang ipinapahiwatig ng salitang pandiwang ito. Kay Mateo (tingnan 14:14, 15:32, 18:27, 20:34), ang salitang pandiwa ay hindi lamang tumutukoy sa isang emosyon o damdamin, kundi pinapangalanan din nito ang pagtugong praktikal na sumasalubong sa pangangailangan. Sa kasong ito, pinagaling ni Jesus ang mga maysakit at kalaunan ay pakakainin ang madla. Nagbubunga sa pagmamalasakit at epektibong aksyon ang emosyon. Sa madaling sabi, taglay ng salitang pandiwang ito ang Mabuting Balita.

[10] Tingnan ang 1 Tim 4:10 “Dahil dito, nagsisikap tayo at nagpapagal, sapagkat umaasa tayo sa Diyos na buháy at Tagapagligtas ng lahat ng mga tao, lalo na ng mga mananampalataya.”

ang mangyayari sa kaganapan sa kinabukasan ng Diyos. Para itong angkla ng isang barko.[11] Mahigpit tayong hawak nito habang rumaragasa ang bagyo. Pinahihintulutan tayo nitong magsabuhay ng mga maliliit na tanda ng ating katapatan sa pagtawag na ating tinanggap at sa mga taong inihabilin sa atin. Para rin itong helmet[12], ipinagsasanggalang tayo mula sa kagipitang maaaring bumuhos sa atin.

Nagsasabi ang Rule of Taizé na huwag bitawan ang ating mga sarili "sa iskandalo ng pagkakahiwalay ng mga Kristiyano na napakahandang magpahayag ng pagmamahal para sa kanilang kapwa ngunit nananatiling hati-hati". Para kay Brother Roger, ang pagkakaisa ng mga Kristiyano[13] ay hindi layunin sa ganang sarili nito, kundi isang paraan upang manguna tungo sa kapayapaan sa gitna ng pamilya ng sangkatauhan[14].

Ang mga abang palumpon ng *boxwood* sa palibot ng Taizé, bagamat sinira nang dalawang beses ng mga insekto nitong mga nagdaang taon, ay biglaang umuusbong muli. Mula sa akala ay patay na, may mga sariwang sanga na tumutubo habang ang kulay abo ay nagiging kulay luntian. Lumalaban ang kalikasan upang manatiling buhay, na sumasalamin at humihimok sa sarili nating laban ng pag-asa. Ang pag-asa para sa sangnilikha[15], at ang pag-asang bigay ng mabuting nilikha ng Diyos, ay sabay sa pag-asa para sa sangkatauhan.[16]

## Ang manatiling mga tao ng pag-asa

Napakadaling matakpan ang pag-asa sa tuwing tayo ay maharap sa mga kalagayan kung saan hindi posible ang pagkakaunawaan. Ang paglikha ng kapaligiran ng pagdududa ay nagdudulot ng panganib na siluin ang iba sa isang pamukot ng paghihinala.

Maaari itong mangyari sa ating mga pamayanan, mga simbahan at mga mag-anak, pati na rin sa mga lipunan at sa ating mga bansa. Tago man o lantaran ang gayong mga

---

[11] Tingnan Heb 6:19.
[12] Tingnan 1 Tes 5:8.
[13] Pinagana ng Sinodo tungkol sa Sinodalidad ang Iglesya Katolika na kilalanin at pahalagahan ang pagkakaiba-iba na umiiral na sa kanya. Ang papel ng mga delegado mula sa ibang mga Iglesya sa Sinodong ito ay mahalaga. Hindi ba't nagbibigay ito ng isang bagong pag-asa para sa panawagang ekumenikal sa landas tungo sa pagkakaisa ng lahat ng nagmamahal kay Kristo?
[14] Itinatag ang Taizé sa panahon ng digmaan. Ang "talinghaga ng pakikipag-isa" na sinisikap naming isabuhay bilang mga Brothers mula sa iba't ibang Iglesya, bansa, kultura at edad ay nangangailangan ng patuloy na pag-aalaga upang maging isang tanda ng pag-asa sa harap ng mga pagkakahati-hati sa pamilya ng sangkatauhan.
[15] Tingnan Rom 8:21-23.
[16] Nahaharap sa hamon ng pagbabago ng klima at pagkawala ng biodiversity, paano natin mapapalalim ang pangangalaga sa tahanan nating lahat kung saan ang lahat ay magkakaugnay?

pagkilos, lagi nilang inuubos ang ating lakas. Ngunit mayroong mga panahon kung kailan, sa harap ng kawalan ng katarungan, kailangan nating iwaksi ang kasamaan nang sa gayon ang mga tao ay hindi na magiging biktima ng ibang tao.[17]

Upang manatili sa pag-asa, kailangan natin ang isa't isa. Yumayabong ang pag-asa tuwing tayo ay nagbibigay pansin sa mga pangangailangan ng iba. Makakakita tayo ng mga tao na sa gitna ng mga napakalaking kagipitan ay gumagawa ng pagpapasiya na mabuhay, ngumiti at ialay ang maliliit na bagay na posible sa bawat araw.

Ang pag-asa ay nakadugtong sa katotohanan[18] at katarungan. Ito kaya ay dahil sila ay mga katangian ng Diyos? Hindi ba natin sila nakikita sa buhay, kamatayan at Muling Pagkabuhay ni Jesus? Ang pagpapayaman ng pag-asa ay nangangailangan ng pagharap sa realidad bilang gayon, at pagtingin dito sa liwanag ng mga pangako ng Diyos[19].

Isang kabataang namumuhay sa isang lugar na may labanan ang nagsabi sa akin: "Ako ay nasa isang kapihan, nagbabasa ng aking libro, nang nag-umpisang lumipad ang mga rockets sa palibot namin. Tumakbo palabas ang mga tao, puno ng emosyon, ngunit nagpasiya akong manatili at tapusin ang aking pagbabasa." Ang paghahanap ng mapagkakanlungan ay pwede ring isang makatwirang opsyon, subalit ang pagbabahagi ng kwentong ito ay isang pagtutol ng pag-asa laban sa hindi maiiwasang digmaan.

---

[17] Kami sa Community ng Taizé ay patuloy sa landas ng pagtitiyak sa katotohanan sa harap ng mga paratang ng abuso at pag-atake na ginawa laban sa ilang Brothers. Ang lakas ng loob ng mga taong nagdurusa at nagsalita ay nararapat na magbunsod sa amin na hangarin lalo na matuto mula sa kanila. Kadalasan, naghahanap sila muli't muli ng bagong pag-asa at buhay. Inuudyok nila kami na gawin ang lahat ng posible (tingnan www.taize.fr/protection) upang gawin ang mga pagtatagpong ginaganap sa Taizé at saan pa man na ligtas para sa lahat at magtaas din ng kamalayan tungkol sa mga sangkot na isyu. Nagpapasalamat din kami para sa gawain ng Commission for Recognition and Reparation (see www.reconnaissancereparation.org/) para sa kanilang pakikinig sa mga survivors at sa kanilang pamamagitan.

[18] "Naniniwala ako na ang pag-asa ay kadugtong sa katotohanan. Bago ko tinanggap ang prospekto ng kamatayan, hindi ko kayang maging puno ng pag-asa. Totoo ito sa lahat ng sitwasyon. Bilang mga Kristiyano, may paghilig tayong tumakbo palayo sa mga sitwasyon ng kawalan ng pag-asa — patungkol sa pulitika, sa ekolohiya, sa pagiging tao… Normal para sa atin ang kilabutan dahil sa mga ito, ngunit para sa akin, hinihikayat tayo ng pag-asa na tumindig doon mismo, sa realidad ng mga kalagayang ito, upang tingnan ang mga ito nang may katotohanan. Maraming beses na nagsasalita si Georges Bernanos tungkol sa pag-asa bilang isang magiting na birtud. Ito ay isang birtud na nagbubunsod sa atin na umaksyon, na huwag tumakbo palayo, na lumaban para sa kung ano ay alam o pinaniniwalaan natin na mabuti. Inaakay tayo ng pag-asa patungo sa pangako ng Diyos." Clémence Pasquier, panayam ni Clémence Houdaille, La Croix 11/10/2024.

[19] Sa wikang Kikuyu (Gĩkũyũ) isa sa mga katangian ng Diyos ay ang Diyos ay "karapat-dapat na asahan" —

"Mwihokeku": Diyos na maaari nating paglagakan ng ating pag-asa.

Mwĩhoko – pag-asa; Wĩhokeku – pagiging karapat-dapat sa pag-asa; Mwĩhokeku – karapat-dapat na asahan e.g. Ngai nĩ mwĩhokeku | ang Diyos ay karapat-dapat na asahan.

Isa sa mga Brothers ang nagsabi sa akin: “Mapagpukaw ang pag-asa, at higit pa riyan, ito ay nakahahawa. Ang kabaligtaran ng pag-asa ay pagwawalang-bahala o pagbibitiw. Sa pagdalaw ko sa aking bansa kamakailan, na pinipinsala ng digmaan, nakakita ako ng mga mukhang malungkot, nag-aalala at naliligalig. Kaya tinanong ko ang aking sarili: ‘Ano ang maaari kong gawin?’ At isang kaisipan ang dumating sa akin: sa tuwing nagmamaneho ako at na akin ang karapatang mauna, titigil ako at bibigyang prayoridad ang taong nasa harap ko. Limang segundo ang kukunin nito sa akin. Subalit nakikita ko ang maliit na gawaing ito na nagpapatugon sa mga mukha ng mga tao, nagpapaalwan kahit kaunti sa kirot ng aking kapatid.

Ang lahat ng nasa loob atin ay tumututol sa digmaan at kamatayan…
Ang lahat ng nasa loob atin ay naghahangad sa buhay at kagandahan.”[20]

## Ang pag-asa ng Muling Pagkabuhay

Nasaan ako sa sandaling ito? Nasa paanan ng Krus sa Biyernes Santo? Nasa kaligayahang ng Linggo ng Muling Pagkabuhay? O naghihintay nang hindi alam kung saan tutungo sa Sabado Santo?

Saan man ako nakatayo, nakakasulyap ba ako ng isang daraanan ng pag-asa? Bumubukas ito sa harapan ko tuwing tumitingin ako kay Jesus na nagbigay ng Kanyang buhay sa pagmamahal para sa lahat, na nagpakita sa atin ng isang pag-ibig na mas malakas kaysa lahat ng kapangyarihan ng karahasan, pagkamuhi at kamatayan.

Ang pag-asa ay hindi nakasalalay sa pagsusuri sa sitwasyon kundi sa kadalasan ay umaandap na ningas ng pagtitiwala. Bagamat mahina, ang ningas na ito ay nagliliyab sa kalaliman ng gabi, tulad ng nangyari sa mga kabigan ni Jesus. Marami sa kanila ang pinabayaan Siya sa oras ng Kanyang pinakamahirap na pagsubok. Ang pag-ibig Niya ang nagbigay daan sa kanila upang manumbalik.

Kung atin lamang kikilalanin ang Muling Nabuhay na si Jesus! Subalit ang presensiya Niya ay hindi nakabatay sa ating pagkilala. Minsan ang ating kawalang pag-asa ay bumubulag sa atin tulad ng pagbulag nito kay Maria Magdalena. Tinanong si Maria ni

---

[20] “Kung ibig sabihin ng pag-asa ay sukatin ang mga kasalukuyang panganib, tinuturuan din tayo nito na mamuhay sa kasalukuyan at maniwala sa hinaharap, nang hindi namumuhay sa nakaraan at pagwaksi sa lahat ng hinanakit. Sa katapusan, ito ang pinananabikan ng ating kaluluwa, at ang kawalan nito ay ginagawa tayong mapait o marahas. Tulad ng pag-ibig sa Awit ni Solomon, hinihinga ng pag-asa ang buhay pabalik sa katawang iniwan na ng pag-asam.” Corine Pelluchon sa L’espérance, ou la traversée de l’impossible (Éditions Payot & Rivages, Paris, 2023) pp. 13-14.

Jesus na Muling Nabuhay: “Bakit ka umiiyak?” at “Sino ang hinahanap mo?” [Jn 20:15]. Inaalingawngaw ng pangalawang tanong na ito ang mismong unang mga salita Niya sa Ebanghelyo ni San Juan: “Ano ang hinahanap ninyo?” [Jn 1:38]. Pagkatapos niyang pasukin ang ating pinakamalalim na hapis at kamatayan bilang tao, ang paghahanap para sa kahulugan ay lalabas na pagnanais para sa isang presensiya[21].

Nabuhay mula sa mga patay, buhay sa Diyos, si Jesus ay dinadala tayo patungo sa Kanya.[22] Tinatagpo Niya tayo sa kaibuturan ng ating pagkatao, ito man ay puno ng kalungkutan o kaligayahan. Ibinubukas sa atin ng Muling Nabuhay na si Jesus ang Kanyang ugnayan sa Ama at sa pakikipag-isa sa bawat tao sa Espiritu Santo. Hindi na tayo mga bilanggo ng sarili nating kawalang ng pag-asa — posible ang isang bagong buhay. Sulat ni San Pablo: “At hindi tayo binibigo ng pag-asang ito sapagkat ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos na sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ipinagkaloob sa atin ng Diyos” [Rom 5:5]. Mabuhay tayo mula sa pag-ibig na ito. Nawa’y lagi tayong akayin ng Espiritu Santo!

## Mga peregrino ng pag-asa, mga peregrino ng kapayapaan

Binigyang kakayahan ng pananampalataya sa Muling Pagkabuhay ang maraming tao upang kumapit sa pag-asa sa gitna ng pagkabalisa. Ito ay isang bukal na umaakay sa atin lampas sa mga hindi natin mapangyayari, nang sa gayon ay mahayaan ang ating puso na lumabas patungo sa iba at kumilos.

Ang manampalataya sa Muling Pagkabuhay ni Jesus ay nangangailangan ng napakaraming tapang at pangangahas. Nangangahulugan ito ng pagsisikap na hindi maparalisa ng presensiya ng kamatayan at pagkawasak na nakapalibot sa atin ngayon.

Mula sa mga kalagayang tila ba walang pag-asa, kaya ng Diyos na lumikha ng bago. Kaya ng Diyos na magdulot ng buhay mula sa kamatayan at maging pagkakasundo mula sa hidwaan.

---

[21] “Ang mismong tao na nasa krus na nagdurusa tulad natin, na itinuring na walang saysay, na siyang nagbibigay liwanag sa ating kalunos-lunos na pag-iral bilang tao… Hindi tayo tumitingin kay Jesus para lamang maging halimbawa na susundan, at hindi rin natin sisikaping idolohin Siya. Nakikita natin si Jesus bilang Diyos na nagkatawang-tao at nagdurusa at tumatangis kasama natin.” Kwok Pui Lan, teologo mula sa Hong Kong, “God Weeps with Our Pain,” sa New Eyes for Reading: Biblical and Theological Reflections by Women from the Third World, ed. John S. Pobee at Barbel von Wartenberg-Potter (Meyer Stone Books, Bloomington, IN, 1987), p. 92.
[22] Tingnan Jn 12:32.

Ang mga babae, mga kaibigan ni Jesus, na lumabas nang napakaaga noong umaga ng Linggo ng Muling Pagkabuhay ay nagtatanungan, “Sino kaya ang maaari nating mapakiusapang maggulong ng batong nakatakip sa pintuan ng libingan?” [Mc 16:3]. Ano ang mga bato sa mga sarili nating buhay ang kailangan nating hilingin mula sa Diyos na pagulungin upang ang bagong buhay ay maisilang sa kalooban natin?

Ang bagong buhay na iyon ay tumutulong sa ating tumindig, inaakay tayo nito na maglakbay kasama ang iba. Tayo ay nagiging mga paregrino ng pag-asang dala-dala natin sa ating kalooban. Hindi ba’t ito rin ay isang pag-asa para sa kapayapaan? Sapagkat “si Kristo ang ating kapayapaan” [cf. Efe 2:14]. Maririnig ba natin Siyang magsasabi sa atin: “Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo. Ang aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo[23]; hindi ito katulad ng kapayapaang ibinibigay ng mundo. Huwag na kayong mabalisa; huwag na kayong matakot” [Jn 14:27-28].

Bilang mga peregrino ng kapayapaan[24], nauunawaan natin na walang tunay na kapayapaan nang walang katarungan[25]. Ang kapayapaang dala natin sa loob natin, na nagmumula sa pag-asang bumubuhay sa atin, ay nagbibigay kakayahan sa atin na maging malaya sa kalooban natin. Hinahayaan tayo nitong mahalin ang buhay at labanan ang kawalan ng katarungan, habang tayo ay nagpapatuloy bunsod ng Espiritu Santo.

Isang araw, maaaring matagpuan natin ang ating mga sarili na dinarasal ang awit ni Zacarias. Siya ay isang matandang lalaki sa isang lupaing sinakop. Nagsaya siya sa isang kapanganakang hindi inaasahan at nagdiwang: “Mapagmahal at mahabagin ang ating Diyos. Magbubukang-liwayway na sa atin ang araw ng kaligtasan. Tatanglawan niya ang mga nasa kadiliman at nasa lilim ng kamatayan, at papatnubayan tayo sa daan ng kapayapaan” [Lc 1:78-79].

Handa ba tayong umasa nang higit pa sa lahat ng pag-asa?

---

[23] “‘Kapayapaan ang iniiwan ko sa inyo. Ang aking kapayapaan ang ibinibigay ko sa inyo’ [Jn 14:27]. Ang katangian ng sinumang ganap na may pinagkatandaan (mature) ay ang di madaliang pagkatinag ng mga bagay ng mundo, magulo ng takot, mabagabag ng paghihinala, maalog ng pagsindak, magulo ng dalamhati, kundi ang matibay na pagtindig sa kahinahunan ng pananampalataya, na tila ba sa isang matibay at napakaligtas na baybayin, sa harap ng nagbabantang baha at mga bagyo ng mundo. Ito ang katatagang dinala ni Kristo sa isip ng mga Kristiyano, binigyan sila ng kapayapaang panloob na idinulot sa mga nagdaan sa pagsubok.” San Ambrosio ng Milan, Treatise III, On Jacob and the Blessed Life 6, 28, sinipi sa Soyons l’âme du monde (Les Presses de Taizé, 1998 and 2025) p. 109.

[24] Tingnan www.taize.fr/pilgrims-of-peace

[25] Tingnan Awit 85:10 “Ang katapatan at pag-ibig ay magdadaup-palad, ang kapayapaan at ang katuwira'y magsasamang ganap.”

Kristong Muling Nabuhay,
sa pamamagitan ng Espiritu Santo,
ibinuhos mo ang pag-ibig ng Diyos sa aming mga puso
at binibigyan mo kami ng kakayahan
na umasa nang higit pa sa lahat ng pag-asa.
At mula sa kaibuturan namin, unti-unti,
isang nakamamanghang kapayapaan ang lumilitaw.
Purihin Ka nawa!

**Pananatili nang mas matagal sa Taizé**

Ang mga pagkikita sa Taizé ay posible salamat sa grupo ng mga kabataang volunteer, edad 18 hanggang 29, na nananatili nang mas matagal — mula sa ilang linggo hanggang sa isang buong taon. Ibinabahagi sa kanila ng mga Brothers kung ano ang pinakamahalaga sa buhay ng aming komunidad:

**Sama-sama… na nananalangin**
Walang anuman sa Taizé ang posible nang wala ang tatlong pananalangin nang magkakasama, at sa pamamagitan din ng panalangin na ang mga volunteer ay tumutulong na tanggapin yaong mga dumarating.

**Sama-sama… na nabubuhay bilang sambayanan**
Bumubuo ng isang maliit na pansamantalang sambayanan kasama ang mga nakatatandang kabataan mula sa bawat kontinente, mula sa iba't-ibang Simbahan, sa naibabahaging yaman ng ating pagkakaiba-iba.

**Sama-sama… na naglilingkod sa iba**
Gawing posible, sa pamamagitan ng paglalaan ng sarili, na tumanggap ng mga kabataan sa Taizé.

www.taizé.fr/volunteering

**Pagpapatuloy ng sama-samang paglalakbay ngayong 2025**

• Mga pagkikitang internasyonal sa Taizé mula Linggo hanggang sa susunod na Linggo para sa mga nakatatandang kabataan edad 18 hanggang 35

• Mula 13 hanggang 27 ng Abril, mga Mahal na Araw at Linggo ng Muling Pagkabuhay sa Taizé

• Mula 13 hanggang 18 ng Hulyo, "Friendship Meeting" sa pagitan ng mga kabataang Muslim at Kristiyano

• Sa 30 at 31 ng Hulyo, mga panalangin na may mga awit mula sa Taizé sa Roma, sa panahon ng "Youth Jubilee"

• Mula 17 hanggang 24 ng Agosto, isang linggo ng bahaginan at pagsaksi ng pananampalatayang Orthodox

• Mula 24 hanggang 31 ng Agosto, isang linggo ng pagninilay para sa mga kabataan edad 18 hanggang 35

• Mula 28 ng Disyembre hanggang 01 ng Enero 2026, ang susunod na "European Meeting" ng mga Nakatatandang Kabataan sa Paris, Pransiya

www.taize.fr/dates